



Ipagdiwang natin ang Pagdating ng Beach sa Rainier Beach!

Halina't magdiwang kasama ang Rainier Beach Link2Lake Committee (Link2Lake), Seattle Parks and Recreation, at ang komunidad ng Rainier Beach sa pagsisimula ng aming pagtatayo sa Be'er Sheva Park! Samahan kami sa isang kaganapan sa:

**Sabado, Abril 1**

**12:00 PM - 3:00 PM**

**Be'er Sheva Park**

**8650 55th Avenue South, Seattle, WA 98118**

Itatampok ng kaganapan ang mga pagtatanghal ng mga makukulay na lokal na artista, mga klase ng Rainier Health and Fitness fitness, masasarap na pagkain, at kasiyahan para sa lahat. Ang mga dadalo ay magkakaroon ng pagkakataong makilahok sa isang sining ng komunidad na ilalagay sa parke.

Inaanyayahan namin kayong matuto nang higit pa tungkol sa mga pagpapabuti ng parke na idinisenyo ng komunidad na magsisimula ngayong Spring! Walang sawang nagtrabaho ang Link2Lake Committee sa nakalipas na anim na taon upang maghatid ng isang pinasiglang Be'er Sheva Park sa komunidad ng Rainier Beach. Kabilang sa ilang pinakahihintay na amenity ang pinahusay na access sa beach, isang konkretong boardwalk, mga eksklusibong lugar ng pagtitipon, may ilaw na mga daanan, mga BBQ at picnic table, isang entablado ng pangkulturang pagtatanghal, at mga pagpapabuti sa tirahan ng salmon.

Angkaganapang ito ay pinaghandaan sa pakikipagtulungan ng Rainier Beach Action Coalition at Seattle Neighborhood Group, na mangongolekta ng input ng komunidad upang ipalam ang mga potensyal na proyekto sa hinaharap sa kahabaan ng Henderson Corridor.

Ang Rainier Beach Link2Lake Committee ay isang kauna-unahang grupo ng mga dedikadong katuwang sa komunidad at residente na unang nabuo noong 2016 na may layuning lumikha ng isang ligtas, natatanging pasilyo na nakasentro sa Kalye ng South Henderson na nag-uugnay sa Istasyon ng Riles ng Rainier Beach sa baybayin ng Lake Washington sa Be'er Sheva Park.

Matuto nang higit pa sa <https://rainierbeachlinktolake.org/>.

Para sa impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng pagsasaayos sa parke, bisitahin ang <https://www.seattle.gov/parks/about-us/projects/beer-sheva-park-improvements>

## **Tagalog**